


Proyekto sa Aurora Ave

MGA IDEYA NG KOMUNIDAD

Ang Aurora Ave N ay isa sa mga pinaka-abalang kalye ng Seattle at isa rin sa aming pinakamataas na priyoridad na lokasyon para sa mga pagpapabuti sa kaligtasan. Nasasabik kaming magbahagi ng ilang potensyal na ideya para sa kinabukasan ng Aurora Ave N. Pakitingnan ang mga bagong guhit sa aming website at ibigay ang inyong mga puna sa mga ideyang ito bago ang Abril 5 sa pamamagitan ng pagkuha ng aming maikling sarbey o pagdalo sa isa sa aming paparating na mga open house.





Ang mga ideyang ito ay resulta ng aming pakikipag-usap sa mga taong nakatira, nagtatrabaho, at naglalakbay sa Aurora Ave Project. Salamat sa lahat ng sumali at nagsabi sa amin tungkol sa inyong mga priyoridad at pangitain para sa kinabukasan ng kalye na ito. Mangyaring bisitahin ang webpage ng proyekto, tingnan at ibahagi ang inyong mga puna. www.seattle.gov/transportation/auroraproject



IBAHAGI ANG INYONG MGA PUNA SA MGA IDEYA NG KOMUNIDAD!

Ang inyong mga puna ay nagdudulot sa amin ng isang hakbang na mas

malapit sa isang disenyo sa makabagong pananaw na nagpapahusay sa kaligtasan, kadaliang mapakilos, at sa pagaakseso para sa lahat ng mga manlalakbay.



Grapiko: SDOT. Mga halimbawa ng apat na potensyal na pagpipilian para sa Aurora Ave N na naglalarawan ng mga ideya ng komunidad

tulad ng mas malawak na bangketa, daanan ng bisikleta, o isang daanan ng bus na tumatakbo sa gitna. Marami pang mga guhit ang makukuha sa aming website at bagong pampublikong sarbey.

PAGLALARAWAN NG PROYEKTO

Ang SDOT, sa pakikipagtulungan sa King County Metro, ay nagpasimula ng isang pag aaral sa pagpapalano ng mahabang hanay upang bumuo ng isang disenyo sa makabagong pananaw para sa Aurora Ave N at ang Rapid Ride E Line. Ang proyekto ay naglalayong:

- Bumuo ng disenyong pananaw na pinabubuti ang kaligtasan, pagkilos, at pag-akseso para sa lahat ng mga bumibiyahе
- Kilalanin ang pagpapabuti ng serbisyo ng transit at mga pangangailangan sa koneksyon
- Tugunan ang mga pangangailangan ng mga residente, negosyo, at sa mga may kinalalaman sa koridor

Impormasyon at Pakikipag-ugnayan sa Proyekto

aurorastudy@seattle.gov (206) 905-3620
www.seattle.gov/transportation/auroraproject



MGA PAPARATING NA OPEN HOUSE

Pakisamahan kami sa isa sa mga sumusunod na open house:

- **Martes, Marso 12:1-2 PM**
Broadview Library
12755 Greenwood Ave N
Seattle, WA 98133
- **Huwebes, Marso 14 (birtwal):**
6-7 PM Pagbisita webpage
ng proyekto
- **Huwebes, Marso 21: 6-7 PM**
Bitterlake Community Center
13035 Linden Ave, Seattle, WA 98133

ANO ANG SUSUNOD?

Ang mga puna na ibibigay ninyo sa susunod na buwan ay makakatulong sa amin na pinuhin at paliitin ang mga konseptong ito, at makakuha ng mas malapit sa pagpili ng isang ginustong alternatibo para sa proyektong ito. Paano namin gagamitin ang inyong feedback:

- Gagawin natin ang mga pagpipino at susuriin pa ang mga konsepto tungkol sa mga kalamangan, kakapusan, at pagiging posible ng bawat opsyon.
- Ang ilang mga ideya ay maaaring hindi sumulong, habang ang iba ay maaaring umunlad o pagsamasamahin habang bumubuo kami ng mga pagpipilian para sa buong lugar ng proyekto.
- Tulad ng nabanggit sa itaas, ipagpapatuloy namin ang pagsusuri ng konsepto, pagsusuri sa kapaligiran, pakikipag ugnayan sa komunidad, at trabaho sa disenyo na kinakailangan upang pumili ng isang ginustong alternatibo upang mas malapit sa pagpapatupad, dahil mayroong pagpopondo.


ISKEDYUL

Tag-init/Taglagas 2022
Pag-abot sa Komunidad
Yugto 1: Sarbey #1

Taglamig/Tagsibol 2023 Disenyo at
Pagpapalano: Mga
Workshop sa Disenyo
ng Komunidad

Tag-init 2023
Pag-abot sa Komunidad
Yugto 2: Sarbey #2

Taglamig/Tagsibol 2024
Ibahagi ang mga ideya
ng komunidad at mga
Kinalabasan Yugto 3:
Sarbey #3



Kung kinakailangan ninyong isalin ang impormasyong ito, mangyaring tumawag sa 206-905-3620.

Nếu quý vị cần thông tin này chuyển ngữ sang tiếng Việt xin gọi 206-905-3620.

Si necesita traducir esta información al español, llame al 206-905-3620.

당신이 번역이 정보를 필요로하는 경우에, 206-905-3620? 전화 해주십시오

የዚህን መረጃ ትርጉም ከፈለጉ፣ በዚህ ስልክ ቁጥር ይደውሉ: 206-905-3620.

ናይዚ ሓበሬታ ትርጉም ን ተደላኪኹም: በዚ ቁጥር ስልክ ይደውሉ: 206-905-3620.

Odeeffannoon kun akka siif 206-905-3620.

如果您需要此信息翻譯成中文請致電 206-905-3620.

